

INTERCEDE  
CCF PRAYER & FASTING



# UNDEFEATED

THE VICTORIOUS PRAYER LIFE

TAGLISH

**JULY 3-6, 2024**  
WEDNESDAY TO SATURDAY

PART OF A YEAR-LONG  
CELEBRATION OF

ccf 40

# **from our senior pastor**

## **Greetings, brothers and sisters in Christ!**

It has been six months into the year, and we have seen so many things happen in our church, our country, and our world. Furthermore, the reality is that we face spiritual battles daily – and the way to face them and fight them is on our knees in prayer!

As we enter the second half of the year, we invite you to join us once again for a season of prayer and fasting. Our theme is **UNDEFEATED: The Victorious Prayer Life**.

Throughout these days, we will be looking into various instances in Scripture where prayer was done to respond to the challenges people were facing at that moment. Our convictions are deeply rooted in our faith in God, and His faithfulness towards us.

When the battles come, we strengthen ourselves through prayer, crying out to Him who provides relief, refuge, and victory. If we are true believers, we fight from a position of victory – that which was already won by Jesus Christ! **1 John 5:4** says this:

For whatever is born of God overcomes the world;  
and this is the victory that has overcome the world—our faith.

I pray that in this season of prayer and fasting, we learn to depend on the Lord and to experience His perfect peace knowing that God is with us, and our lives are secured in Him. May we experience breakthroughs in all aspects of our lives as we devote our time in praying, fasting, and seeking His presence together as a church.

Have a blessed time this week.

In Christ,



**Dr. Peter Tan-Chi**

SENIOR PASTOR, CHRIST'S COMMISSION FELLOWSHIP

## **PATNUBAY**

Ano ang panalangin? Ano ang pag-aayuno?	1
Bakit tayo dapat mag-ayuno?	2
Iba't Ibang Uri ng Pag-Aayuno	4
Simula at Pagwawakas ng Inyong Pag-Aayuno	5
Pag-lingat	5
Mga Mungkahi sa Pananalangin	7

## **MGA DEBOSYON**

Day 1 <b>PAMILYA</b> at <b>KABATAAN</b>	9
Day 2 <b>TRABAHO</b> at <b>PANANALAPI</b>	13
Day 3 <b>KAGALINGAN: PERSONAL</b> at <b>RELASYON</b>	16
Day 4 <b>IGLESIA</b> at <b>MGA BANSA</b>	20

## **GABAY SA HAPUNAN NG PANGINOON** 26

## **MGA PANALANGIN** 28

**■ MGA  
NILALAWAN ■**

# **SAMA-SAMA TAYONG MAG-AYUNO AT MAGDASAL**

Ang ating taunang pagdiriwang ng panalangin at pag-aayuno ay isinasagawa tuwing simula at sa kalagitnaan ng taon. Ipinapahayag nito ang ating pagtitiwala sa Diyos at pagsasariwa ng kalooban ng Diyos sa ating buhay.

Habang tayo ay nag-aayuno at nagdarasal, nag-aaral, isinasabuhay ang Kaniyang Salita, at nagtitipon ng sama-sama mula Miyerkules hanggang Sabado para sa pagsamba, dalhin natin sa Panginoong Diyos ang ating mga pangangailangan nang may pananampalataya dahil **SIYA AY HINDI NAGBABAGO KAHAPON, NGAYON, AT MAGPAKAILANMAN (HEBREO 13:8).**

# ANO ANG **PANALANGIN?**

Ang panalangin ay ang pakikipag-usap sa Diyos at ang pakikinig sa Kanya para maisang-ayon ang ating kalooban sa Kanya. Ito ay ang pagharap sa Diyos sa pangalan ni Hesus, batay sa Kanyang Salita (ang Bibliya), na may gabay ng Kaniyang Banal na Espiritu. Tuwing tayo ay nananalangin, sinasamba natin Siya, dinudulog ang ating mga puso na may pasasalamat sa ating Ama sa Langit, ipinapahayag sa Kanya ang ating mga pangangailangan at ang mga pangangailangan ng iba, at hinihiling na ang Kanyang kalooban at kaharian ay maitaguyod sa ating buhay (Mateo 6:9-13; 1 Juan 5: 14-15; Juan 16: 23-24; Judas 20).

# ANO ANG **PAG-AAYUNO?**

Ang pag-aayuno ay ang hindi pagkain sa loob ng itinakdang oras o panahon upang maipahayag ang ating pagsisisi sa kasalanan at ating paghahangad na mapalapit sa Diyos, habang tayo ay nabibigyan ng mas mahabang oras sa pagbasa ng Kaniyang Salita at sa panalangin. Ang pagliban sa mga mahahalagang bagay sa ating buhay tulad ng pagkain ay pagkakataon upang maipahayag ang taos- pusong pagtitiwala at pangangailangan natin sa Diyos.

Habang ang mga Kristiyano sa ating panahon ay maaari ring umiwas mula sa iba pang mga bagay tulad ng libangan, palakasan, at social media, ang pag-iwas sa pagkain ay ang karaniwang paraan ng pagpapahayag ng pag-aayuno sa Bibliya. Ang pag-aayuno ay isang paraan upang ipakita ng ating pagtitiwala sa Diyos at ating kasapatan sa Kanyang presensya na hindi mahihigitan ng anumang bagay sa ating pisikal na buhay (Nehemias 1: 4, 9: 1; Ester 4: 3; Daniel 9:3; Joel 2:12; Mateo 6: 16-18 ; Mga Gawa 13: 2; Isaias 58).

# **BAKIT TAYO DAPAT MAG-AYUNO?**

## **INAASAHAN NG DIYOS NA TAYO AY MAG-AYUNO.**

*Sa tuwing kayo ay nag-aayuno, huwag maglagay ng madilim na mukha tulad ng ginagawa ng mga mapagkunwari, sapagkat pinababayaan nila ang kanilang hitsura upang mapansin sila ng mga lalaki kapag sila ay nag-aayuno. Katotohanang sinasabi ko sa iyo, buo ang kanilang gantimpala. Ngunit ikaw, kapag nag-aayuno ka, pahiran ang iyong ulo at hugasan ang iyong mukha – Mateo 6:16-17*

*Sinabi ni Hesus na “**sa tuwing nag-aayuno ka**”, hindi “**kung mag-aayuno ka**”. Nangangahulugan ito na ang pag-aayuno, tulad ng panalangin, ay hindi isang mungkahi. Ang pag-aayuno ay bahagi ng buhay Kristiyano.*

## **NAG-AYUNO SI HESUS.**

*At pagkatapos Siya ay nag-aayuno ng apatnapung araw at apatnapung gabi, pagkatapos ay nagutom Siya. – Mateo 4:2*

Bago ang pagmiministeryo ni Hesus, nag-aayuno Siya nang apatnapung araw. Alam Niyang kailangan Niya ng espirituwal na lakas upang matupad ang Kaniyang layunin sa mundo. Sa pag-aayuno ang ating pisikal na pangangatawan man ay nagiging mahina, ang ating espirituwal na buhay ay lumalakas at tayo’y mas nagiging handang tuparin ang gawain ng Diyos.

## **NAG-AYUNO ANG MGA UNANG MANANAMPALATAYA.**

*Pagkatapos, nang sila ay mag-aayuno at manalangin at ipinatong ang kanilang mga kamay sa kanila, pinalayo sila. – Gawa 13:3 (tingnan din ang Gawa 14:23)*

*Ang Simbahan ay nag-aayuno para kay Saul (Paul) at Bernabe. Nang maglaon, si Paul at Bernabe ay nagtalaga ng mga mamumuno sa iba’t ibang mga simbahan, nag-aayuno at nagdarasal bago itinalaga sa Panginoon ang mga pinuno.*

## **ANG PAG-AAYUNO AY NAGPAPAKITA NG PAGPAPAKUMBABA SA HARAP NG DIYOS.**

*Ngunit tungkol sa akin, nang sila ay may sakit, ang aking damit ay sako; Pinaiyak ko ang aking kaluluwa ng pag-aayuno; at ang aking dalangin ay patuloy na bumalik sa aking sinapupunan. – Salmo 35:13 (Tingnan din ang 1 Hari 21:27-29; Esdras 8:21)*

Ang pagpapakumbaba ay nagpapahintulot na maranasan natin ang biyaya ng Diyos. Kapag nagpapakumbaba tayo sa panalangin at tumalikod sa ating masasamang pamamaraan, ipinangako ng Diyos na tayo ay Kaniyang pakikinggan at tutugunan Niya tayo ayon sa Kaniyang kalooban.

## **SA PAG-AAYUNO, TAYO AY NAGIGING SENSITIBO SA PAMUMUNO NG BANAL NA ESPIRITU.**

*Si Jesus, na puno ng Banal na Espiritu, ay bumalik mula sa Jordan at pinangunahan ng Espiritu sa ilang sa loob ng apatnapung araw, na tinutukso ng demonyo. At wala siyang kinakain sa mga panahong iyon, at nang matapos na, nagutom siya.*

– Lucas 4:1-2

*(tingnan din ang Mga Gawa 13: 2, Mateo 17:21, Marcos 9:29)*

Madali tayong makalimot sa ating prayoridad. Ang pag-aayuno ay isang paalala na ang Diyos ang nauuna sa ating mga pangangailangan. Idinudulog natin sa Kanya ang ating mga inaalala dahil Siya naman ang may kakayahang gumawa ng mga kamangha-manghang gawa na magbibigay sa Kaniya ng kaluwalhatian.

## **ANG PAG-AAYUNO AY NAGSASARIWA NG ATING ESPIRITUWAL NA BUHAY, PANSARILI MAN O PAMBANSA**

*At ang Aking mga tao na tinawag ng Aking pangalan ay nagpapakumbaba sa kanilang sarili at nananalangin at hinanap ang Aking mukha at tumalikod sa kanilang masamang pamamaraan, kung gayon ay makakarinig ako mula sa langit, patatawarin ang kanilang kasalanan at pagagalingin ang kanilang lupain.*

– 2 Cronica 7:14

*Kaya't binigyan ko ang aking pansin sa Panginoong Diyos na hanapin Siya sa pamamagitan ng panalangin at mga pagsusumamo, kasama ang pag-aayuno, sako, at abo. – Daniel 9:3*

Ang pag-aayuno ay nagbibigay buhay sa bawat isa at sa bayan. Ito rin ay nagdudulot ng kagalingan, pagbabago at paghahanda para sa mga bagay na dakila sa kaharian ng Diyos.

## **ANG PAG-AAYUNO AY MABUTI PARA SA ATING KALUSUGAN.**

Ang pag-aayuno ay mabuti sa ating pisikal na kalagayan. Nililinis nito ang ating sistema sa mga toxin sa katawan. Sa pangkalahatan, naglilinis ito ng kaisipan at nagdudulot ng mabuting kalusugan. Maging ang mga kulang sa timbang ay nakitaan ng kabutihan sa pangangatawan dahil sa pag-aayuno at panalangin. Maraming mga guro ng Bibliya ang nagsasabi na ang tatlong-araw na pag-aayuno ay mabuti sa kalinisan ng espiritu at kalayaan sa mga masamang bisyo.

*(mula sa “What Does the Bible Say About Fasting?”,  
Christ Unlimited Ministries, [www.bible.com](http://www.bible.com))*

# IBA'T IBANG URI NG **PAG-AAYUNO**

---

Marahil maraming mga paraan upang mag-ayuno dahil may mga paraan upang manalangin, ngunit maaaring magsimula sa apat na paraang ito.

## **NORMAL NA PAG-AAYUNO**

Sa isang normal na pag-aayuno, ang isang tao ay walang pagkain sa loob ng itinakdang panahon. Ang pag-inom ng tubig ay kailangan. Ang matinding pag-iingat ay kinakailangan para sa mga mahabang pag-aayuno (higit sa isang linggo), lalo na't kung may mga medikal na kondisyon. Mabuting kumunsulta sa manggagamot kung nagpapalano kang mag-ayuno nang mahabang panahon.

## **BAHAGYANG PAG-AAYUNO**

Sa bahagyang pag-aayuno, ang isang tao ay kumakain lamang ng ilang mga uri ng pagkain sa loob ng partikular na panahon, o kaya naman ay may isa o dalawang pagkain lamang sa isang araw. Sa Bibliya, sina Daniel at Juan Bautista ay nagpapanatili ng isang diyeta sa kanilang pag-aayuno. Ang mangangaral ng ika-18 siglo na si John Wesley ay may tinapay at tubig lamang sa maraming araw bilang kaniyang pag-aayuno.

## **JUICE FAST**

Ito ay isang bahagyang pag-aayuno na sa halip na kumain ay umiinom lamang ng juice.

## **OBJECT FAST**

Ito ay pag-aayuno mula sa mga bagay na ginagamit o ginagawa, maliban sa pagkain. Ang mga halimbawa nito ay panonood ng telebisyon, paggamit ng social media, o paggamit ng computer liban sa trabaho o pag-aaral. Ang susi dito ay ang palitan ang oras na ginugol sa aktibidad na iyon ng oras na nakatuon sa Panginoon. Para sa mga mag-asawa, ito ay maaaring mangahulugan ng pag-iwas sa pisikal na pagpapalagayang-loob upang tumutok sa panalangin (1 Mga Taga-Corinto 7:5)



# SIMULA AT PAGTATAPOS NG **IYONG PAG-AAYUNO**

Mahalaga ang paghahanda sa pag-aayuno at ang marahan na pagtatapos nito. Sa paghahanda, bawasan paunti-unti ang pagkain at pag-inom ng mga may caffeine (kape, tsaa, softdrinks) bago mag-ayuno. Mas mahalaga pa rito, manalangin nang maaga upang mapanatili kang malakas sa pisikal, mental, at espirituwal sa iyong pag-aayuno para sa Diyos. Sa pagtatapos ng pag-aayuno, huwag agad bumalik sa iyong normal na pagkain. Mabuting simulan muna sa malambot na pagkain at sa katamtamang dami hanggang sa bumalik ang normal na pagtunaw ng pagkain.

## **PAG-IINGAT**

Habang may mga pakinabang sa pag-aayuno, ang ilan ay hindi dapat mag-ayuno nang walang pagkokonsultang medikal. Halimbawa:

- Ang mga taong masyadong payat
- Ang mga taong madaling kapitan ng mga karamdaman sa pagkain
- Ang mga nagdurusa sa kahinaan o anemia
- Ang mga taong nasuri na may ilang mga karamdaman na nangangailangan ng patuloy na nutrisyon
- Mga buntis at nagpapasuso ng sanggol
- Ang mga taong umiinom ng iniresetang gamot

**KUMUNSULTA SA IYONG DOKTOR BAGO MO SIMULAN ANG IYONG PAG-AAYUNO.**

Tandaan na may mga doktor na maaaring walang kasanayan sa pag-aayuno, kaya't maaari kayong pigilan sa bagay na ito.

MANALANGIN  
AT MAG-AYUNO  
**KASAMA ANG  
INYONG MGA ANAK!**

---

I-download ang **NXTGEN** Prayer & Fasting Booklet para sa mga pamilya na may mga batang edad 7 hanggang 12:

**[go.ccf.org.ph/IntercedeKids](https://go.ccf.org.ph/IntercedeKids)**



# MGA MUNGKAHI SA **PANANALANGIN**

Habang binabasa natin ang mga talata sa Bibliya sa darating/  
sumusunod na araw,  
pag-aralan natin na **GAMITIN SA PANALANGIN ANG SALITA NG  
DIYOS** gamit ang balangkas sa ibaba:

## **C**ONFESSION (PAG-AMIN)

Hingin sa Banal na Espiritu na ipakita ang anumang bagay na hindi kanais-  
nais sa kanya. Aminin ng may pagpapakumbaba ang lahat ng kasalanan, at  
tanggapin ang awa ng Diyos. Humingi ng kapatawaran kahit para sa mga  
kasalanang hindi mo namalayan na iyong nagawa.

## **A**DORATION (PAGSAMBA)

Maglaan ng oras upang personal na purihin ang Panginoon para sa  
kung sino Siya at sa mga ginawa Niya. Purihin Siya para sa Kanyang mga  
katangian — lubos na makapangyarihan, walang hanggan, tapat, at marami  
pang iba. Kilalanin at ipagpasalamat ang Kanyang presensya sa iyong  
buhay.

## **S**UPPLICATION (PAGSUSUMAMO)

Itaas ang iyong mga pangangailangan at pakiusap sa Panginoon.  
Ipagkatiwala sa Kanya ang iyong mga alalahanin sapagkat Siya ay  
nagmamalasakit sa iyo. Maaari mong ipagdasal ang mundo, simbahan,  
iyong komunidad, pamilya, mga relasyon, at mga personal na petisyon.

## **T**HANKSGIVING (PASASALAMAT)

Magpasalamat sa Diyos para sa Kanyang marami, iba-iba, at partikular  
na mga pagpapala sa iyong buhay. Humingi ng pusong mapagpasalamat  
at kuntento sa lahat ng bagay. Magpasalamat sa Kanya ng may  
pananampalataya di lamang para sa pakikinig sa iyong mga dasal kundi  
para sa Kanyang mga magiging sagot sa mga ito.

MGA DEBOSYON

## DAY ONE

# PAMILYA at KABATAAN

<sup>8</sup>Pero ipinasya ni Daniel na hindi siya kakain ng pagkain ng hari o iinom ng kanyang inumin para hindi siya marumihan. Kaya nakiusap siya kay Ashpenaz na huwag siyang bigyan ng pagkain at inuming iyon. <sup>9</sup>Nilooob naman ng Diyos na siya’y kalugdan ni Ashpenaz. <sup>10</sup>Pero sinabi ni Ashpenaz kay Daniel, “Natatakot ako sa hari. Siya ang pumili kung ano ang kakainin at iinumina ninyo, at kung makita niyang hindi kayo malusog gaya ng ibang mga kabataan, baka ipapatay niya ako.”

<sup>11</sup>Dahil dito, sinabi ni Daniel sa itinalaga ni Ashpenaz na mangangalaga sa kanila, <sup>12</sup>“Subukan n’yo kaming pakainin lang ng gulay at painumin ng tubig sa loob ng sampung araw. <sup>13</sup>Pagkatapos, ihambing ninyo kami sa mga kabataang kumakain ng pagkain ng hari, at tingnan ninyo kung ano ang magiging resulta. At bahala na kayo kung ano ang gagawin ninyo sa amin.” <sup>14</sup>Pumayag naman ito at sinubukan nga sila sa loob ng sampung araw.

<sup>15</sup>Pagkatapos ng sampung araw, nakita ng tagapagbantay na mas malusog sila kaysa sa mga kabataang kumakain ng pagkain ng hari.

<sup>16</sup>Kaya ipinagpatuloy na lang ang pagbibigay sa kanila ng gulay at tubig sa halip na pagkain at inumin ng hari.

<sup>17</sup>Binigyan ng Diyos ang apat na kabataang ito ng karunungan at pang-unawa, pati na ang kaalaman sa iba’t ibang literatura.

Bukod pa rito, binigyan ng Diyos si Daniel ng karunungan sa pagpapaliwanag ng kahulugan ng mga pangitain at mga panaginip.

<sup>18</sup>Pagkalipas ng tatlong taon na pagtuturo sa kanila ayon sa utos ni Haring Nebucadnezar, dinala sila ni Ashpenaz sa kanya. <sup>19</sup>Nakipag-usap ang hari sa kanila, at napansin ng hari na wala ni isa man sa mga kabataan doon ang makahihigit kina Daniel, Hanania, Mishael, at Azaria. Kaya sila ang piniling maglingkod sa kanya. <sup>20</sup>Sa lahat ng itinanong ng hari sa kanila, nakita niya na ang kanilang kaalaman ay sampung ulit na mas mahusay kaysa sa kaalaman ng mga salamangkero at engkantador sa buong kaharian niya. <sup>21</sup>Patuloy na naglingkod si Daniel kay Nebucadnezar hanggang sa unang taon ng paghahari ni Cyrus.

**DANIEL 1:8-21**

1. Basahin Daniel 1:1-17: Anong pinagdaanan nina Daniel at mga kaibigan sa ilalim ng pamamalakad ng Babilonya?
2. Anong ginawa ni Daniel na kakaiba sa ibang kabataan sa paligid niya? Bakit mahalaga ito? (vv 8-12)
3. Paano nagbunga ang hiling ni Daniel? Anong ginawa ng Diyos para protektahan siya at ang kanyang mga kaibigan? (vv 9, 14-17)
4. Anong nangyari kina Daniel at kanyang mga kaibigan bilang resulta? Bakit ito makabuluhan? (vv 18-21)

### ISABUHAY

Si Daniel at kanyang mga kaibigan, na lumaki sa kanilang pamilyang sumasamba sa Diyos, ay nasa ibang bansa – naglilingkod sa ilalim ng mga haring walang Diyos. Sa kabila nito, sila ay nanatiling tapat sa Panginoon at sa pakikitungo sa iba. Higit sa lahat sila ay patuloy na lumalapit sa Diyos, nananalangin ng matagumpay na paglakad kasama ang Diyos. Ang mabuting katatayuan ni Daniel ay nakaapekto sa kanyang mga kaibigan, sa mga bansa at mga kaharian, at tinutupad niya ang layunin ng Diyos habang siya ay nabubuhay.

1. Anong mga halimbawa ng iyong personal na mga paniniwala?

*(Hingin sa Diyos kung anong bahagi ng iyong buhay na kailangan kang sumunod sa Kanya. Isulat mo ang mga ito dito.)*

2. Paano ako magiging makaDiyos na halimbawa at impluwensiya sa aking pamilya, kaklase/katrabaho, at mga kaibigan?

3. Paano ako makakabuo ng isang pamumuhay ng pananalangin at pag-aayuno habang ginagawa ko ang aking araw-araw na gawain at iba't ibang tungkulin sa buhay?

*(set Simple, Measurable, Appropriate, Realistic, and Time-bound [SMART] commitments)*

*Halimbawa: Maglaan ng mga araw sa isang linggo para sa pananalangin, pagbabasa ng Biblia, pagmumuni-muni, at pag-aayuno. Mabuting gawin ito na kasama ang pamilya, small group, o mga kaibigan.*

**Ang Pamilya:**

Hingin sa Diyos na gamitin ka bilang daluyan ng Kanyang pag-ibig sa mga taong malapit sa iyo, mga kamag-anak, at miyembro ng pamilya:

- maging asawa, magulang, anak, miyembro ng pamilya, kaibigan na namumuhay nang tulad ni Kristo
- gabayan ang ating mga pamilya at mga kaibigan sa mga paraan ng Panginoon
- maging puspos ng Banal na Espiritu at makitaan ng bunga nito: pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiis, kabutihan, kagandahang-loob, katapatan, kahinahunan, at pagpipigil sa sarili. (Galacia 5:22-23)
- luwalhatiin at purihin ang Diyos sa lahat ng bagay, kahit sa gitna ng mapaghamong relasyon sa ating pamilya.

Aminin natin ang ating ugaling di-pagpapahalaga sa ating relasyon sa iba, di pag-pansin sa mga kaguluhan at kabalisahan, at di pagpapatawad sa mga nakasakit sa atin.

Idalangin na magawa mong makipagkasundo sa isang miyembro ng pamilya, kamag-anak, o kaibigan sa linggong ito.

Magkaroon ng pagkakataong manalanging kasama ang iyong mga mahal sa buhay at pagtibayin ang mabubuting ugali at gawa ng bawa't isa.

Tanungin ang bawa't isa: "Paano ako bubuti? Nasaktan ba kita? Mapapatawad mo ba ko? Saka ipanalangin ang bawa't isa.

Ipanalangin ang kabataan sa iyong pamilya, sa ating iglesia, at sa ating bansa na makakilala kay Hesus habang sila ay lumalaki; sila ay madisipulo nang mahusay, makabuo ng habang buhay na mga makaDiyos na paniniwala at ugali na mag-iimpluwensiya sa mga henerasyon at mga bansa para sa layunin ng Diyos.

**Panalangin para sa Lifestage Ministries:****Across (Family)**

- para mas maraming pamilya ang paghariin si Hesu-Kristo, ang Kanyang pag-ibig at Salita sa gitna ng kanilang buhay
- mas maraming leaders at volunteers ang mag-lingkod sa ministry at magdisipulo ng mga ibang pamilya
- banal na karunungan na tutulong sa Every Family be a Discipleship Group (EFAD)

## **B1G (Singles)**

- para ang bawa't isa ay makatuon kay Hesus at maihayag ang Mabuting Balita sa mga pamilya at mga kaibigan
- para ang mga walang asawa ay manatiling matatag at nakaugat sa Salita ng Diyos, tuparin ang utos na magdisipulo; magtatag ng Bible studies sa lugar ng trabaho; mamuhay na tulad ni Kristo sa bawa't panahon ng buhay

## **Elevate (Youth), #NotAlone Program**

- para ipagpatuloy ng Diyos na gamitin ang Elevate na maabot ang mas maraming estudyante sa mga unibersidad, para mas maraming kabataan ang makakilala kay Kristo at patuloy na ipalaganap ang ebanghelyo kung nasaan sila
- para lahat ng campus missionaries ay sapat na masuportahan sa pamamagitan ng Adopt-A-Campus-Missionary program, Adopt-A-Campus project, at iba pa
- patuloy na pagpapalawak ng #NotAlone program para abutin ang mas maraming eskuwelahan sa Pilipinas at mapaglingkuran ang mga guro at estudyante

## **NxtGen (Children)**

- para ang mga anak ay lumago sa kanilang pag-ibig sa Diyos at sa Kanyang Salita at tapat na paglingkuran Siya
- para ang mga magulang ay mapalaki ang mga anak sa pagkilala at pag-ibig sa Panginoong Hesus
- para mas maraming volunteers ang magturo at magsanay sa mga kabataan, maging modelo ng pag-ibig at paglilingkod ni Kristo
- para ang Diyos ay makabuo ng future servant leaders mula sa henerasyong ito

## **Life Academy**

- para sa lahat ng Life Academy International (LAI) leaders, workers, at mga teachers na patuloy na maging puspos ng Banal na Espiritu sa pagtuturo sa mga estudyante sa mga paraan ni Kristo at maging tapat na tagasunod ni Kristo
- pagkakaisa ng mga teachers at staff sa pagdidisipulo ng mga estudyante na maging servant leaders tulad ni Kristo
- para ang mga estudyante na maging mahusay sa academics, athletics, at magkaroon ng mga bagong kasanayan
- para sa gabay ng Banal na Espiritu sa leadership team sa kanilang mga desisyon at plano para sa eskuwela
- for students to embody excellence in academics, athletics, and in acquiring new skills
- for the Holy Spirit's guidance upon the leadership team as they make decisions and plans for the school



## DAY TWO

# TRABAHO at PANANALAPI

<sup>31</sup>Kaya mag-ingat kayo, at alalahanin ninyong sa loob ng tatlong taon, walang tigil ko kayong pinaalalahanan araw at gabi nang may pagluha. <sup>32</sup>“At ngayon, ipinagkakatiwala ko kayo sa Diyos at sa kanyang salita na tungkol sa kanyang biyaya. Makapagpapatibay ito sa inyong pananampalataya at makapagbibigay ng lahat ng pagpapalang inilaan ng Diyos para sa lahat ng taong itinuring niyang sa kanya. <sup>33</sup>Hindi ko hinangad ang inyong mga kayamanan at mga damit. <sup>34</sup>Alam ninyong nagtrabaho ako para matustusan ang mga pangangailangan namin ng aking mga kasamahan. <sup>35</sup>Ginawa ko ito upang maipakita sa inyo na sa ganitong pagsusumikap ay matutulungan natin ang mga dukha. Lagi nating alalahanin ang sinabi ng Panginoong Hesus na mas mapalad ang nagbibigay kaysa sa tumatanggap.” <sup>36</sup>Pagkatapos magsalita ni Pablo, sama-sama silang lumuhod at nanalangin.

### GAWA 20:31 -36

1. Basahin ang Gawa 20:17-30: Anong pangyayari ang tinutukoy ni Pablo sa mga lider sa Efeso?
2. Anong ginawa ni Pablo sa iglesia ng Efeso? Isulat ang kanyang ginawa sa iglesia sa Efeso (vv 31-35)
3. Paano natugunan ang mga pangangailangan ni Pablo sa Efeso? (vv 33-35)
4. Paano naipakita ni Pablo ang isang buhay na sumasamba at nanalangin? (vv 19- 24, 27, 31-32, 36)

Si Apostol Pablo ay taga-gawa ng tolda at misyonaryo. Siya ay nagtatrabaho para tugunan ang mga pangangailangan niya at ibang tao habang naglilingkod sa mga tao at nagtatanim ng mga iglesia sa buong mundo.

Sa halip na kumita siya para sa sarili, ginagamit niya ang Kanyang kasanayan at sariling pera para isagawa ang tawag ng Panginoong Hesus at maging pagpapala sa mga komunidad na inaabot niya. Nakikita natin mula sa kanyang pamamaalam sa mga lider sa Efeso kung paano niya ibinahagi ang kanyang buhay, bumuo ng maka-Diyos na relasyon sa kanila.

1. Saan ako inilagay ng Diyos para matupad ko ang tawag Niya at makapaglingkod sa Kanya? Paano ko sadyang aabutin ang mga tao sa aking paligid at makapaglingkod sa kanila?

*(Isipin mo ang iyong trabaho, posisyon, impluwensiya, at mga relasyon)*

2. Paano ako lalago sa mga sumusunod:

*(Set Simple, Measurable, Appropriate, Realistic, and Time-bound [SMART] commitments)*

Kahusayan sa Trabaho at Ministry: \_\_\_\_\_

Mabuting Pag-iisip sa mga Relasyon: \_\_\_\_\_

Pamumuhay na Mapanalangin at puspos ng Espiritu: \_\_\_\_\_

Pagsasakripisyo, Pangangasiwa, at Pagkamapagbigay: \_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

3. Paano ko maituturing na gawain sa Panginoon ang aking trabaho? Anong mga hakbang para maitatag ko ito?

*(set Simple, Measurable, Appropriate, Realistic, and Time-bound [SMART] commitments)*

*Halimbawa: “Bilang Kristyano, magsisimula ako ng oras ng panalangin at magsagawa ng isang Bible study sa trabaho minsan isang buwan.”*

**ANG TAWAG NG DIYOS**

- Alamin ang tawag Niya sa iyong buhay. I-alay mo sa Kanya ang iyong trabaho bilang isang kasiya-siyang sakripisyo. Maging handang sumunod sa Kanyang pamumuno at kung anong ipagagawa Niya sa iyo.
- Hilingin sa Panginoon na ipakita sa iyo ang Kanyang ginagawa sa iyong komunidad. Ialay mo sa Kanya ang iyong trabaho at maging katiwala ka ng Kanyang kaharian.
- Maging mahusay sa eskuwela o trabaho – gawin ang lahat para sa kaluwalhatian ng Diyos lamang.
- Ipagdasal na magkaroon ng buhay na sumusunod sa Salita ng Diyos, naghahayag ng ebanghelyo at nagdidisipulo sa iyong pamilya, komunidad, kompanya, at bansa.
- Maglingkod sa trabaho o komunidad (magsimula ng Bible Study o prayer time sa trabaho o sa lugar na malapit)
- Hingin sa Diyos ang Kanyang karunungan at gabay sa iyong buhay at ang Banal na Espiritu ay bigyan ka ng espirituwal na paglago, kalakasan, at tapat na sumusunod sa Kanya.

**SUSTENTONG PANANALAPI NG DIYOS**

- Ipanalangin sa Panginoon ang iyong problema sa pera: panghihina ng loob, pagkabalisa, pagkukulang, o takot na humahadlang sa iyong relasyon sa Diyos.
- Amining may mga oras na hirap ka sa pag-iisip ng iyong mga problema dahil umaasa ka sa sariling lakas o dunong, imbes na ipagkatiwala sa Diyos ang ating mga pangangailangan higit sa lahat. Pagsisihan ang asa sa sariling lakas at karunungan, sa halip na manalig sa Diyos higit sa lahat para sa ating mga pangangailangan.
- Hingin sa Diyos na bigyan ka ng tagumpay sa pananalapi at pusong naghahanap sa Kanyang Kaharian higit sa lahat. Na ang Banal na Espiritu ay tulungan kang maging mabuting katiwala ng kayamanan ng Diyos.
- Ipanalangin na ikaw ay maging mas mapagbigay, masayang ginagamit ang iyong oras, talento, at yaman sa gawain ng Diyos sa iglesia, o sa sinumang nangangailangan ngayon.

## DAY THREE

# KAGALINGAN: PERSONAL at RELASYON

<sup>18</sup>Habang sinasabi niya ang mga ito, dumating ang isang namumuno ng sambahan ng mga Judio. Lumuhod ito sa kanyang harapan at sinabi, “Kamamatay lang po ng anak kong babae, pero kung pupuntahan n’yo siya at ipapatong ang inyong kamay sa kanya, mabubuhay siyang muli.” <sup>19</sup>Kaya tumayo si Hesus at sumama sa kanya, pati na rin ang mga tagasunod niya. <sup>20</sup>Habang naglalakad sila, lumapit sa likuran ni Hesus ang isang babae na 12 taon nang dinudugo, at hinipo niya ang laylayan ng damit ni Hesus. <sup>21</sup>Sapagkat sinabi ng babae sa kanyang sarili, “Mahipo ko lang ang damit niya ay gagaling na ako.” <sup>22</sup>Lumingon si Hesus at pagkakita sa babae ay sinabi, “Anak, lakasan mo ang loob mo. Pinagaling ka ng iyong pananampalataya.” At gumaling nga ang babae nang sandaling iyon. <sup>23</sup>Nang dumating na si Hesus sa bahay ng pinuno, nakita niya ang mga manunugtog ng plauta sa libing at ang maraming taong nagkakaingay. <sup>24</sup>Sinabi niya, “Magsilabas kayo! Hindi patay ang bata; natutulog lang siya.” Pinagtawanan nila si Hesus. <sup>25</sup>Nang mapalabas na ang mga tao, pumasok si Hesus at hinawakan sa kamay ang bata, at bumangon ito. <sup>26</sup>Kumalat ang balitang ito sa buong lugar na iyon.

### MATEO 9 : 18 -26

1. Para lalong maunawaan ang lahat, basahin ang Marcos 5:21-43 at Lucas 8:40-56: Ano ang kahalagahan ng paghingi ng tulong ng isang namumuno ng sambahan mula kay Hesus? Anong kalagayan ng babaeng nangangailangan ng kagalingan (vv 18-19)
2. Anong problema sa kalusugan ng babaeng lihim na humipo sa laylayan ng damit ni Hesus? Bakit makabuluhan ang kanyang ginawa? (vv 20-22)
3. Paano tumugon si Hesus sa babaeng dinudugo? (v 22)
4. Paano ang reaksiyon ng mga tao kay Hesus sa nais Niyang pagalingin ang bata? Anong nangyari bilang bunga ng pagpapagaling? (vv 23-26)

## ISABUHAY

Ang kuwento ng dalawang taong nangangailangan ng kagalingan ay nagpapakita kung paanong tumutugon ang Diyos sa ating mga panalangin at kung paano Siya nagpapagaling. Sa kabila na siya ay opisyal ng sinagoga, ang lalaki ay mapagpakumbabang humiling ng kagalingan para sa kanyang anak na babae—kahit ito ay patay na, at binuhay na muli ito ni Hesus. Sa kabila ng takot at pag-iisa ng babaeng dinudugo, may pananampatayang lakas-loob na lumapit kay Hesus para siya ay gumaling. Kung nabubuhay na muli ni Hesus ang patay at napapagaling Niya ang may sakit, mapapagaling din Niya ang ating mga katawan, kaisipan, at puso, pati na ang ating mga relasyong kailangang ayusin.

1. Nakaranas ba ako ng isang sitwasyong nakapanghihina ng loob? (sakit, kahinaan, damdaming nahihirapan, o ibang problema)? Paano ako tumugon?
2. Paano ako magtitiwala sa Panginoon para sa aking kagalingan, at pagbabagong buhay?
3. May sirang relasyon ka ba sa isang tao ngayon na kailangang ayusin? Paano makapagbibigay ng kagalingan ang Panginoon sa iyong relasyon?

(set Simple, Measurable, Appropriate, Realistic, and Time-bound [SMART] commitments)

*“Lalapitan ko sina \_\_\_\_\_ sa linggong ito, makikipagkita sa kanila, kakausapin sila, pag-uusapan ang problema at sama-samang manalangin.”*

4. Magkaroon ng oras para ipanalangin ang may sakit, ang nangangailangan ng espirituwal na kagalingan at kaligtasan. Ipanalangin sila (pangalanan ang bawa’t isa mula sa linggong ito.)

Aminin natin sa Panginoon na hindi tayo karapat-dapat ng Kanyang sakripisyo at pag-ibig; na hindi tayo nagtiwala sa Kanyang yaman at karunungan sa halip na tumakbo tayo sa Kanya, una sa lahat, para sa ating kagalingan at kalusugan.

**ESPIRITUWAL NA KAGALINGAN:**

- Ipanalangin na magkaroon ng tagumpay sa mga sumusunod:
  - Pagmamalaki, pagkamakasarily, mga tagong kasalanan
  - Pagsamba sa diyus-diyosan, kasakiman, materyalismo
  - Sexual purity, pagpipigil sa sarili, integridad
  - Addictions (alcohol, drugs, pornography, digital/gaming, gambling, etc)
  - Masamang impluwensiya, di-makaDiyos na relasyon, tsismis, paninirang-puri, pagsisinungaling
  - Labanang espirituwal at atake ng kaaway (isip at kilos ng pagpapakamatay)
- Aminin at humingi ng kapatawaran sa kasalanan, mga pagkukulang, at anumang pagka-alipin o pagkalulong; magsisi at sumuko, hingin sa Diyos ang isang bagong buhay.

**KAGALINGAN SA DAMDAMIN AT KAISIPAN:**

- Aminin natin na tayo ay natalo ng pag-aalala; umasa tayo sa ating sariling kakayahan at kaisipan para sa ating kagalingan at kalusugan sa halip na tumakbo sa Diyos, Ipagkatiwala natin ang ating kabalisahan sa Panginoon: panghihina ng loob, mga pagkukulang, pangamba o takot na humahadlang sa ating relasyon sa Diyos
- Isipin ang mg taong kilala mo na kasalukuyang may problema sa damdamin at kaisipan. Ipanalangin at pangalanan ang bawa't isa sa Panginoon para sa kanilang kagalingan at kaligtasan

**KAGALINGAN SA KATAWAN:**

- Sa ating pananalangin para sa ating sarili o sa iba, magtiwalang magpapagaling ang Diyos ayon sa Kanyang orasan at paraan. Sa halip na dektahan kung paano Siya magpapagaling, manalangin at manalig sa Siya ay Manggagamot noon, ngayon at magpakailanman
- Hingin sa Diyos na bigyan ka ng tagumpay sa iyong kalusugan at kagalingan – may pusong naghahanap sa kaharian ng Diyos higit sa lahat. Hayaan ang Banal na Espiritu na gabayan ka sa iyong buhay upang tapat mong maalagaan ang iyong katawan na Kanyang templo

- Ipagdasal na magkaroon ng mabuting kalusugan at gawin ang ating parte na kumain ng tama, matulog ng sapat, regular na nag-eehersisyo, at araw-araw na alagaan ang kaluluwa (spiritual disciplines)

### **KAGALINGAN SA RELASYON:**

- Ipanalangin na magawa nating mahalín ang mahirap mahalín at maging tulad ni Kristo sa mga nagmamaltrato sa atin
- Magpakumbaba at magpatawad kapag tayo ay kaaway ng isang tao at sikaping maibalik ang mabuting relasyon
- Ipanalangin na magkaroon tayo ng tagumpay sa mga sumusunod:
  - Alitan sa pamilya, sa trabaho/eskuwela, sa mga kaibigan, o mga kasama sa iglesia
  - Hindi pagpapatawad
  - Sama ng loob sa mga nakaraang karanasang nasasaktan ka
  - Pagnanasang makapaghigante
  - Kayabangan, pagtatanggol sa mali, pangangatwiran sa kasalanan
  - Pagiging bastos o mapanakit sa iba
  - Mga atake ng kaaway, malademonyong impluwensiya
- Hingin sa Panginoon ang tagumpay sa mga relasyon, pagpapatawad, pagkakasundo, at pagbabalikan pagkatapos ng alitan o kasakitan. Hayaang ang Banal na Espiritu na bigyan ka ng bagong buhay na espirituwal, bagong lakas at sigla sa tapat na pagsunod sa Kanya.

DAY FOUR

## **IGLESIA** at **MGA BANSA**

*<sup>4</sup>Pagkadakip kay Pedro, siya'y ikinulong at pinabantayan sa apat na pangkat ng tig-aapat na kawal. Ang balak ni Herodes ay iharap siya sa bayan pagkatapos ng Paskwa, <sup>5</sup>kaya't nanatiling nakabilanggo si Pedro. Samantala, ang iglesya nama'y taimtim na nananalangin sa Diyos para kay Pedro. <sup>6</sup>Nang gabing iyon, natutulog si Pedro sa pagitan ng dalawang kawal. Nakagapos siya ng dalawang tanikala at may mga bantay pa sa harap ng pinto ng bilangguan. Balak ni Herodes na iharap siya sa bayan kinabukasan. <sup>7</sup>Walang ano'y lumitaw ang isang anghel ng Panginoon at nagliwanag na mabuti sa bilangguan. Tinapik nito si Pedro sa tagiliran at ginising. “Dali, bumangon ka,” sabi ng anghel. Nakalag ang mga tanikala sa mga kamay ni Pedro. <sup>8</sup>“Magbihis ka't magsuot ng sandalyas,” sabi ng anghel, at ganoon nga ang kanyang ginawa. Sinabi pa sa kanya ng anghel, “Magbalabal ka't sumunod sa akin.”*

*<sup>9</sup>Sumunod nga si Pedro sa anghel, ngunit hindi niya alam kung totoo nga ang nangyayaring iyon. Akala niya'y nananaginip lamang siya. <sup>10</sup>Nakalampas sila sa una at pangalawang bantay at nakarating sa pintuang bakal na labasan papunta sa lunsod. Ito'y kusang nabuksan at sila'y lumabas. Pagkaraan nila sa isang kalye, biglang nawala ang anghel. <sup>11</sup>Noon natauhan si Pedro, kaya't sinabi niya, “Ngayon ko natiyak na totoo pala ang lahat! Isinugo ng Panginoon ang kanyang anghel at iniligtas ako sa kamay ni Herodes at sa ibig ng mga Judio na mangyari sa akin.”*

*<sup>12</sup>Nang mapag-isip-isip niya ito, nagpunta siya sa bahay ni Maria na ina ni Juan na tinatawag ding Marcos. Maraming nagkakatipon doon at nananalangin.*

**GAWA 12 : 4 - 12**



1. Bakit ikinulong si Apostol Pedro? Anong ginagawa ng iglesia habang si Pedro ay nasa kulungan? (vv 4-6)
2. Sa anong paraan na himalang nakalaya siya sa tulong ng anghel ng Panginoon? (vv 7-10)
3. Anong naunawaan ni Pedro pagkatapos siyang nasakloloan? Paanong nasali ang iglesia sa kanyang kalagayan? (vv 11-12)
4. Basahin ang Gawa 12:13-17, 24: Anong ginawa ni Pedro pagkatapos? Sa anong paraan na ginamit ng Diyos ang kanyang pagkakakulong para sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo?

### ISABUHAY

Si Apostol Pedro ay ipinakulong ni Haring Herod pero himalang pinalaya siya ng Hari ng mga hari. Habang naghihintay siyang makalaya, ang iglesia ay nananalangin para sa kanya. Habang ang anghel ay tinutulungang makalaya si Pedro, hindi siya makapaniwala sa nakikita niyang nangyayari. Pero nang makasama niyang muli ang mga ibang Kristyano, nananalilig silang mangyayari ang impossible sa pamamagitan ng panalangin sa Panginoon. Ang kuwentong ito ay nagpapakita na ang ating parang nakakulong ng pag-asa at mga limitadong plano ay maaaring maging isang kahanga-hangang patotoo at isang paraan para maipahayag ang Ebanghelyo.

1. Ano ang mahirap na kalagayan ko ngayon? Paano ako makakapanalangin sa pinakamahusay na paraan?
2. Sa anong paraan ako magtitiwala sa Panginoon at humingi ng tulong at panalangin ng mga kapwa mananampalataya tuwing darating ang mga pagsubok?  
 (Set Simple, Measurable, Appropriate, Realistic, and Time-bound [SMART] commitments)  
*Halimbawa: “Regular na makikipagkita ako sa aking small group para sa pananagutan at panalangin bawa’t linggo.”*
3. Sino ang mga taong kilala ko ang kasalukuyang nakararanas ng mga pagsubok?  
 (Pangalanan ang bawa’t isa at ipanalangin sila na mapagtagumpayan ang mga kasalukuyang pagsubok)
4. Paano magagamit ang kasalukuyan kong kalagayan para maibahagi ang aking patotoo at Ebanghelyo ni Hesus sa iba?

**Panalangin para sa Iglesia:**

- Manalangin na lalong maging tulad tayo ni Hesus, hindi makasarili at sakripisyong naglilingkod sa iba, na walang inaasahang kapalit.
- Ipanalangin natin ang iglesia, Christ’s Commission Fellowship, para patuloy na luwalhatiin ang Panginoon sa pagdidisipulo ng mga magdidisipulo sa lahat ng bansa.
- Ipanalangin ang buhay na gumagalang sa Salita ng Diyos at sa mga namumuno sa iglesia—magpasakop sa Diyos higit sa lahat at sumunod sa karunungan ng mga elders, pastors, at servant-leaders.
- Ipanalangin ang mga lider na palakasin sila ng Panginoon at bigyan sila ng karunungang makatuon para sa susunod na taon, para maluwalhati ang Diyos sa kanilang buhay at sa iglesia
  - Ang ating Senior Pastor Peter Tan-Chi, ang kanyang asawa Deonna, at buong pamilya
  - Para sa lahat ng Elders, Pastors, servant- leaders, at kanilang pamilya
  - Para sa CCF Ministry Heads, Staff, Workers, Volunteers, Partner Missionaries
  - Disciplers at Disciples ay lumagong tulad ni Kristo habang tinutupad nila ang paghahayag ng Ebanghelyo
  - CCF Training Center – na sana matapos na at magamit sa layunin at kapurihan ng Diyos sa mga susunod na taon.
  - Para ang mga national at international church planting ay magbunga para sa kaluwalhatian ng Diyos
- Para sa iba’t ibang CCF satellites, ministries, house fellowships, at Dgroups sa buong bansa at mundo na patuloy na maglingkod sa Panginoon na may katatagan at katapatan.
- Maging bahagi ng isang Dgroup, o kung kasali ka na, magsimula ka ng sariling Dgroup sa taong ito.
- Ipanalangin ang mga pinag-uusig na iglesia sa buong mundo na ipakita ng Diyos na Siya ay makapangyarihan para sa mga mananampalatayang nakakulong at pinahihirapan dahil sa kanilang pananalig kay Kristo; para sa kanilang patotoo sa gitna na matinding paghihirap ang Ebanghelyo ay mapakilala sa mga mang-uusig.

### **Panalangin para sa Ministries:**

- Across, B1G, Elevate, NxtGen
- Discipleship Ministry
- GLC
- WOW (Women)
- MoveMEN<sup>+</sup> (men), Living Free Ministry
- CCF Ministries Team
- CCF Sports
- Marketplace, G-Men
- Tulong Tayo, Uplift, #Not Alone
- Ignite Business Leaders Ministry
- Pastoral Care
- Intercede Team
- Mt. Makiling Re-Creation Center

### **Panalangin para sa CCF Departments:**

- Welcome Center & Host Team
  - Exalt Team, CCF Media
  - Communications Team
  - Digital Transformation Team
  - IT, Live Production Teams
  - Accounting Team
  - Audit Team
  - Admin & Procurement Teams
  - Facilities Management Team
  - HR Team
  - Legal Team
- Ipanalangin ang Mt. Makiling Re-creation Center at ang team sa likod nito: para sa karununganang mapamahalaan ang mga pasidilidad at pagtatayo ng Sports Development projects, para sa kailangang mga tauhan at mga pangunahing posisyon na dapat punan ng mga tamang kandidato; para ang lahat ng bisita ay makakilala kay Hesus sa isang personal at paraang nagbabago ng buhay; para sa kaligtasan at seguridad ang lahat ng bisita sa MMRC.
  - Ipanalangin ang International Care Ministries (ICM), na ang mga naghihirap na iglesia na bahagi ng programang ito ay lumago at dumami habang sila ay natututo na magdisipulo ng mga magdidisipulo.

### **Panalangin para sa Pilipinas:**

- Ipanalangin ang mga mamamayan ng ating bansa—na lahat tayo ay matutong magtiwala sa Diyos ng buong puso at mamuhay bilang mga mapanalangin at masunuring lalake at babae ni Kristo. Naway' ang bawa't Filipino ay lumapit kay Kristo para sa tunay na kaligtasan at pagbabagong-buhay.
- Ipanalangin ang ating bansa—kasama ang ating mga nanunungkulang lider, na naway' lahat tayo ay hanapin ang Panginoon at gawin ang Kanyang kalooban sa mga isyung bumabagabag sa ating bansa.
- Ipanalangin ang ating mga lider sa politika, batasan, at hukuman para panindigan ang mga pagpapahalaga sa Biblia at maging halimbawa ng makaDiyos na ugali, kakayayan, hustisya, pananagutan, at pamilya—para sila ay maglingkod na may integridad, karunungan, katapatan, proteksiyon, at gabay:
  - The President, Vice President, Cabinet Members and advisers
  - The Senators and Congressmen
  - The Chief Justice and all justices
  - The Military and Police force
  - The Local Government and Barangay officials

### **Panalangin para sa mga panguhanahing pambansang isyu:**

- Para sa wastong pamamahala sa krisis at pagpapanatili ng ekonomiya
- Panunuhol at katiwalian, mga kalakalan sa droga na labag sa batas, sapilitang paggawa, paglalako ng mga tao
- Hindi makaDiyos na pagpapahalaga, bumababang moralidad, materyalismo, pagsamba sa mga diyus-diyosan.
- Mga hadlang sa ekonomiya, mataas na presyo ng gasolina, inflation, problema sa trapiko, mga panukalang batas at batas na labag sa Salita at kalooban ng Diyos
- Na mas maraming Filipino sa lahat ng antas ng buhay ay maligtas, madisipulo at sila ay magkaroon ng tunay na pagmamahal sa Panginoon.

### **Panalangin para sa Christians For Nation-Building (C4NB):**

- Para ang Panginoon ay kumilos sa pamamagitan nito para maitaas ang kamalayan ng mga Pilipino (lalo na ang kabataan) na may maayos na pakikipag-ugnayan sa politika at mabuting pagkamamamayan na batay sa Biblia at nagbibigay ng karangalan kay Kristo.

## **Panalangin para sa Mundo:**

Ipanalangin ang lahat ng bansa at pamahalaan, na lahat tayo ay magtiwala sa Panginoon na tulungan tayong harapin ang mga hamon sa ekonomiya at magkaroon ng kapayapaan sa mga sumusunod na bansang may labanan, giyera, at wasak na ekonomiya:

- West Philippine Sea at mga ibang bansang kasangkot
- Israel, Gaza, Iran, at the Middle East
- Ukraine at Russia
- Armenia at Azerbaijan
- Iraq, Iran, Afghanistan
- Myanmar, ang bansa ng Rohingya
- Sri Lanka
- Sudan, Nigeria
- Mga ibang bansang nahaharap sa kaguluhan

Ipanalangin ang mga bansa kung saan ang CCF ay may pagkakataong magministeryo, lalo na sa pamamagitan ng ating International Ministry Partners (IMPs), na sila ay masustentohan at maproteksiyonan sa kanilang paghahayag ng Ebanghelyo sa mga teritoryong hindi mabuting tumatanggap ng mga panauhin:

- Central, East, and South Asia
- North Africa, Sudan

Na bawa't bansa ay makakilala kay Kristo sa pamamagitan ng Kanyang mga tao at katotohanan ng Kanyang Salita.

# GABAY SA **HAPUNAN NG PANGINOON**

*for online participants:*



PREPARE BREAD  
AND JUICE

**BASAHAHIN: 1 CORINTO 11:23-29**

## **BAKIT NATIN PINAGDIRIWANG ANG LORD'S SUPPER?**

- Ang simbolikong pagtitipong ito na ay ipinag-utos ng ating Panginoong Hesus bilang isang malinaw na pagpapaalaala ng mga bagay na Kanyang nagawa para sa atin. Kailangan nating madalas na ito'y ipagdiwang nang ating maalala si Hesus dahil sa pamamagitan ng Lord's Supper, "ipinahahayag ninyo ang kamatayan ng Panginoon hanggang sa dumating siya."(verse 26).
- Bago pinaghati-hati ni Hesus ang tinapay at ipinasa ang kopa, sinasabi ng Salita na si Hesus ay nagpasalamat (verse 24). Si Hesus ay nagpasalamat sa pagkakataong tayo'y pagsilbihan sa pamamagitan ng pag-aalay Niya ng Kanyang katawan at dugo para sa ating kapakanan.

## **ANO BA ANG SINISIMBOLO NG TINAPAY AT ALAK (SA KASO NATIN, NG JUICE)?**

- Ang tinapay ay sumisimbolo sa katawan ni Hesus na siyang umako ng pasakit na dapat ay para sa atin (verse 24).
- Ang juice ay sumisimbolo sa dugo ni Hesus na inalay para sa atin sa Bagong Tipan (verse 25).
- Hindi natin tinuturo na ang tinapay ay literal na nagiging katawan ni Cristo o di kaya'y ang alako juice ay literal din na nagiging dugo Niya. Sa halip, ating pinapahayag na ang mga elementong ito ay naglalarawan sa ating Lord – kung sino Siya at kung ano Kanyang mga nagawa.
- Sa gayon, ang ating pakikibahagi sa mga elementong ito ay isang simbolikong pagpapahiwatig ng ating pananampalataya sa Kanya at sa natupad Niyang gawain sa mundo

## **ANO BA ANG TAMANG SALOOBIN BAGO TAYO MAKIBAHAGI SA LORD'S SUPPER?**

- Dapat ay maging mapagpasalamat at kumilala ng utang-na-loob sa tuwing tayo'y tatanaw sa nakaraan at sa kasalukuyan.
- Bigyan-tanaw ang nakaraan at magpasalamat sa Panginoong Hesus para:
  - Sa Kanyang libreng regalo na kaligtasan at sa kapatawaran ng ating mga kasalanan
  - Sa Kanyang mga katangian (katapatan, mapagpatawad, kagandahang-loob, banal, mapagmahal, hindi nagbabago)
  - Sa ating pagkakakilala sa Kanya (Lord, Panginoon, Tagapagligtas)
  - Mga blessings tulad ng ating pamilya (asawa, mga anak, mga magulang, kapamilya), sa pagtugon sa ating mga pangangailangan atbp. (tulad ng pagbilang ng mga pagpapalang inyong natanggap)
  - Mga pagkakataong makapaglingkod sa Kanya at sa Kanyang mga alagad (family, kaibigan, church)
- Tumanaw sa kasalukuyan at magpasalamat sa Panginoong Hesus sa mga pagpapala na ikaw ay buhay pa ngayon, at sa kaloob Niyang mga relationships (biological at spiritual family, mga kaibigan, DGroups).
  - Sa kung paano Niya sasagutin ang iyong mga dasal
  - Sa kung paano Niya tayo aalalayan habang mayroong pandemya (bilang individual, ang ating pamilya at bilang isang bansa)
  - Ang pangako na darating ang panahon na Siya ay magbabalik muli.
- Gumugol ng oras para makapag-nilay

**MAGDASAL MATAPOS KAININ ANG  
TINAPAY AT INUMIN ANG JUICE**

# MGA PANALANGIN

## MGA BANSA

1. Global revival – unawaing kailangan ang kaligtasan kay Hesu-Kristo at ang mga tagasunod ni Kristo ay maipahayag ang Mabuting Balita sa lahat ng bansa.
2. Para mamagitan ang Diyos sa pagpapaunlad ng ekonomiya; pagpapanatili sa kapayapaan at kaayusan sa mundo at panindigan ang dangal at kabanalan ng buhay na sa kabila ng napakagulong panahon, ang mga tao ay mamuhay ng maayos at may takot sa Diyos.
3. Ipagdasal na magkaroon ng kapayapaan ang mga bansang may labanan, digmaan, at problemang ekonomiya.
4. Ipagdasal ang CCF Beyond at ang ating mga International Missionary Partners na manatiling matatag at ligtas sa kabila ng pagkokontra sa kanilang pananampalataya at maipagpatuloy ang paghahayag ng Mabuting Balita at maparami ang mga tagasunod ni Kristo.

## ANG PILIPINAS

1. Ipagdasal ang mga mamamayan ng ating bansa - na lahat tayo ay matutong magmahal sa Diyos at magmahalan sa isa't-isa tulad ng pagmamahal ni Kristo sa atin. Ang bawat Pilipino ay makakilala kay Hesus at makilala sila sa kanilang pagmamahal kay Kristo.
2. Ipagdasal ang kapakanan ng ating bansa - kasama ang mga lider na nanunungkulan, na ang lahat ay lumapit sa Panginoon at gawin ang Kanyang kalooban sa pagharap sa mga problema ng ating bansa.
3. Ipagdasal ang mga lider para panindigang isabuhay ang mga turo ng Biblia at maging halimbawa ng maka-Diyos na pag-uugali, kakayahan, hustisya, pananagutan, at pamilya - para sila ay maglingkod na may integridad, karunungan, katapatan, proteksyon at patnubay:
  - Pangulo, Pangalawang Pangulo, mga Miyembro ng Gabinete, at mga Taga-payo
  - Ang mga Senador at mga Kongresista
  - Punong Mahistrado at lahat ng Mahistrado
  - Hukbong Militar at Pulisya
  - Lokal na Pamahalaan at mga Opisyal ng Barangay
4. Para ang mga nangungurakot na opisyal ay malantad at managot sa hustisya; pagbabago ng sistema ng gobyerno sa ating bansa at panindigan ang pagkamatuwid, katarungan, kapayapaan, at pag-unlad ng ekonomiya.



5. Ipagdasal ang mga pangunahing isyu ng bansa (katatagan ng ekonomiya, problema sa droga, katiwalian sa gobyerno, sapilitang pagtatrabaho ng mga manggagawa at human trafficking, pagkawatak-watak ng pamilya at pagkalayo ng mga magulang, pagbaba ng moralidad, pagsamba sa diyos-diyosan, materyalismo, mga pinahahalagahang hindi maka-Diyos, pornograpiya, imoralidad, ginagawa ng mga taong kabilang sa LGBTQA+, pagtaas sa bilang ng mga biktima ng HIV, pagbubuntis ng mga kabataan, pagkalito sa kasarian, pagka-adik sa cellphone, problema sa trapiko, mga batas at panukalang batas na laban sa Salita at kalooban ng Diyos).
6. Ipagdasal na mas maraming Pilipino sa lahat ng antas ng pamumuhay ang tumanggap kay Hesu-Kristo bilang Panginoon at Tagapagligtas at magkaroon ng tunay na pagkatakot sa Panginoon.

## **ANG ATING IGLESIA**

1. Ipagdasal ang lahat ng mga lider at miyembro ng CCF na mamuhay na may pagmamahal sa Dios at sa iba, kadalisayan at kabanalan, pagpapakumbaba, at pagkamatapat.
2. Ipagdasal ang tapat na pagtupad sa misyon ng Dios para sa CCF (to honor God and to make Christ-committed followers who will make Christ-committed followers).
3. Ipagdasal si Pastor Peter Tan-Chi at kanyang pamilya (kabanalan, pagiging malapit sa Panginoon, karunungan, at lakas para pangunahan ang CCF discipleship movement, manatiling puspos ng Banal na Espiritu sa lahat ng oras).
4. Ipagdasal ang mga CCF elders, pastors, ministry servant leaders, church planters, Dgroup leaders, missionaries, campus workers, staff members, at mga volunteers na manatiling magkaroon ng alab sa paglilingkod sa Dios, kabanalan, mabuting kalusugan at proteksiyon, espirituwal na paglago at pagiging malapit sa Panginoon, kontrolado at pinalalakas ng Banal na Espiritu, patuloy na mamuhay ng may moralidad at integridad.

Ipagdasal ang bawat pangalan na makikita sa:

[ccf.org.ph/meet-the-team/](http://ccf.org.ph/meet-the-team/)

5. Ipagdasal ang CCF na maging epektibo sa pag-abot sa mga tao at patuloy na magparami ng mga tagasunod ni Hesus. Na lahat ng mga miyembro ng CCF ay patuloy na magpahayag ng Mabuting Balita sa kani-kanilang pamilya/kamag-anak, mga kaibigan, at ibang tao ng may kaugnayan sa kanila.
6. Ipagdasal na ang mga CCF members ay mapuspos ng Banal na Espiritu at tapat na nananalangin.
7. Abutin ang mga kabataan sa pamamagitan ng Elevate campus ministries sa mga eskuwelahan, kolehiyo at unibersidad sa buong bansa.

## **PAMILYA**

1. Ang bawat pamilya ay laging nakatuon kay Cristo
2. Ang mga lalaki ay magmamahal sa kanilang mga asawa at maging spiritual leaders sa kanilang tahanan
3. Ang mga babae ay gumagalang at nagpapasakop sa kanilang mga asawa.
4. Ang mga ama at ina ay maging huwaran ng maka-Dios na pag-uugali sa kanilang mga anak
5. Ang mga magulang ay sadyaing turuan ang kanilang mga anak para sila ay makakilala at magmahal sa Dios
6. Ang mga anak ay sumusunod at gumagalang sa kanilang mga magulang
7. Pagpapatawaran at pagsasa-ayos ng mga relasyon — na ang mga miyembro ng pamilya ay mamuhay na may pag-ibig at paggalang, magkasamang naglilingkod sa Dios at sa ibang tao
8. Kaligtasan ng buong pamilya at mga kamag-anak

## **PERSONAL NA TAGUMPAY**

1. Spiritual revival – para makilala at lalong maging malapit sa Dios, kalugud-lugod na mamuhay para sa Dios at may paggalang sa Kanya
2. Magkaroon ng pag-uugaling tulad ni Cristo sa pamamagitan ng pagiging puspos ng Banal na Espiritu at makitaan ng bunga ng Espiritu (pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiis, kabutihan, kagandahang-loob, katapatan, kahinahunan, at pagpipigil sa sarili)
3. Pisikal na kagalingan at pamumuhay ng balanseng buhay (umunlad sa karunungan at abilidad sa tulong ng Dios at tao)
4. Tagumpay laban sa kasalanan at masasamang ugali
5. Hayaan ang Banal na Espiritu na gabayan ka kung saan ka maglilingkod, magkaroon ng bagong lakas at sigasig na magboluntaryo sa gawain ng Dios

## **PINANSYAL**

1. Makalaya sa utang
2. Mabuting pamamahala ng pera ng Dios at mga pagpapalang pinansyal
3. Regular na mag-ikapu at laging magpagbigay
4. Paglago sa negosyo, propesyon at tungkulin sa trabaho

## **MGA IBA PANG BAGAY NA PERSONAL NA IPAPANALANGIN**

# PAANO SINAGOT NG DIYOS ANG IYONG DASAL?

---

**IBAHAGI ANG IYONG KWENTO AT  
ITURO ANG MGA TAO KAY KRISTO.**

i-tag kami online

   **#CCFAnsweredPrayer**

mag-e-mail sa amin

**questions@ccf.org.ph  
testimonies@ccf.org.ph**

sumulat sa amin

**maaari mong isulat ang iyong answered  
prayers sa isang tithe envelope at ihulog ito  
sa tithe box**



**(02) 8866-9900**



**questions@ccf.org.ph**



**ccf.org.ph**



**facebook.com/CCFmain**



**instagram.com/CCFmain**



**youtube.com/CCFmainTV**



**C5 corner Ortigas Avenue,  
Ortigas East, Pasig City**